

Ang Donasyon na Gatas ng Tao na Isterilizado para sa mga Mahihinang Sanggol

Pasteurised Donor Human Milk
for Vulnerable Babies

Filipino



Ang NSW Health (Kalusugan sa NSW) at ang Australian Red Cross Lifeblood Service Milk Bank (Serbisyo ng Dugong-buhay na Imbakan ng Gatas ng Krus Roha sa Australya) ay nagtutulungan upang mabigyan ang mga mahihinang sanggol sa NSW ng pinakamahusay at pinakaligtas na alternatibong pagkain kung ang sariling gatas ng ina ay hindi matatamo.

Ang Pasteurised Donor Human Milk (Donasyon na Gatas ng Tao na Isterilizado) (PDHM) ay isang mahalagang pinagkukunan at ginagamit lamang para sa mga pinakamaliit o may pinakamalubhang sakit na sanggol na higit na makikinabang. Kasama rito ang mga sanggol na ipinanganak nang maaga, nagkakaroon ng mga problema sa kanilang tiyan o puso o para sa mga iba pang mga seryosong problema.

Ang sariling gatas ng ina ang pinakamahusay na posibleng nutrisyon para sa mga mahihinang sanggol. Ang ilang mga ina ay mahihirapan na magtatag ng sapat na panustos na gatas sa mga unang linggo kung ang kanilang sanggol ay nasa Neonatal Intensive Care Unit (NICU). Kung mangyayari ito at matutugunan ng iyong sanggol ang mga pamantayan, maaari silang makatanggap ng Isterilizado (pasteurised) na donasyon na gatas ng tao.

Mga Pakinabang ng gatas ng tao kumpara sa pormula

Ang gatas ng tao ang pinakamahusay na suporta sa nutrisyon para sa iyong sanggol dahil:

- Mas mabilis itong matunaw kaysa sa pormula
- Binabalutan at pinoprotektahan nito ang tiyan at binabawasan ang panganib o tindi ng isang malubhang sakit sa bituka na kilala sa pangalan na Necrotising Enterocolitis (NEC)
- Nagbibigay ito ng proteksyon laban sa ilang malubhang impeksyon
- Maraming mga bagay ang nasa gatas ng tao na imposibleng mailagay sa pormula
- Nagbibigay ito para sa pinakamahusay na paglaki at pinakamahabang pag-uunlad ng utak ng iyong sanggol.

Ang gatas ng tao ang pinakamahusay para sa mga taong sanggol.

Mga Madalas na Tinatanong

Gaano katagal na gagamit ang aking sanggol ng isterilizado na donasyon na gatas ng tao?

Ang isterilizado (pasteurised) na donasyon na gatas ng tao ay inoorder ng doktor ng iyong sanggol habang ang iyong sanggol ay karapat-dapat na makatanggap nito. Kapag natutugunan na ng iyong sariling panustos ng gatas ang pangangailangan ng iyong sanggol, ang donasyon na gatas ay hindi na kinakailangan. Ngunit, kung ang iyong sariling gatas ay hindi lumalabas, ang iyong sanggol ay ililipat sa pormula sa bandang 34 na linggo kung hindi na sila nasa mataas sa panganib.

Palagi bang mayroong sapat na donasyon ng isterilisadong gatas ng tao para sa lahat ng sanggol na nangangailangan nito?

Minsan mas marami ang mga sanggol ang nangangailangan ng donasyon na gatas ng tao kaysa sa panustos. Kung mangyari ito, ang donasyong gatas ng tao ay ibibigay sa mga pinakamaliit at may pinakamalubhang sakit na sanggol. Sasabihin sa iyo kung nakakaapekto ito sa panustos para sa iyong sanggol.

Binabago ba ng pag-iisterilizado (pasteurisation) ang gatas sa suso?

Ang iyong sariling gatas ay espesyal na ginagawa para sa iyong sanggol. Kapag isterilizado ang donasyong gatas ng tao upang mas ligtas ito, may ilang mga bagay ang nawawala. Naglalaman pa rin ito ng maraming mga sangkap na makakatulong protektahan ang iyong sanggol na wala sa pormula.

Sino ang nagbibigay ng gatas ng suso?

Ang donasyong gatas ng tao ay isang mapagkaloob na regalo mula sa isang ina patungo sa ibang ina. Maaari silang nagpapasuso sa kanilang sariling sanggol at mayroong sobrang gatas o may isang panustos

ng pinayelong gatas na inilabas sa kanilang suso para panggamit sa kanilang sanggol sa NICU na tiyempong pauwiin na. Pagtatapos ng pagkawala ng isang sanggol, ang mga ina ay maaaring magpatuloy sa magpalabas ng gatas bilang isang paraan ng paggalang sa kanilang sanggol at upang bigyan ang iba pang mga sanggol ng pinakamahusay na pagkakataon ng isang malusog na buhay.

Gaano kaligtas ang donasyong gatas?

Ang mga kababaihan ay karapat-dapat lamang na magbigay ng gatas pagkatapos ng isang panayam at pagsuri sa dugo upang matiyak na ligtas ang kanilang gatas. Alamin ang tungkol sa proseso ng donasyon sa <https://www.lifeblood.com.au/milk>.

Ang donasyong gatas ng tao ay isterilizado upang mapatay ang mga nakakapinsalang bakterya at mga virus. Ang panganib ng impeksyon, gaano man kaunti, ay hindi maaaring maibaba sa zero. Ang Australian Red Cross Lifeblood Service Milk Bank (Serbisyo ng Dugong-buhay na Imbakan ng Gatas ng Krus Roha sa Australya) ay sumusunod sa mga alituntunin sa kaligtasan at impeksyon ng NSW Health (Kalusugan sa NSW) at NSW Food Authority (Awtoridad ng Pagkain ng NSW). Sa mga dekada ng pagbabangko ng gatas ng tao sa buong mundo, walang nailathalang mga ulat ng mga nakakahawang sakit na sanhi ng maayos na isterilisadong donasyon ng gatas ng tao.

Binabayaran ba ang mga ina kapag nagbibigay sila ng donasyong gatas?

Hindi. Ang mga ina ay hindi binabayaran upang magbigay ng gatas.

Maaari ko bang malaman kung sino ang nagbigay ng gatas para sa aking sanggol?

Hindi. Pinapanatili namin ang mahigpit na pagiging kompidensiyal sa parehong nagbigay donasyon at tatanggap ng gatas. Ito ang aming patakaran.